



Papayagan ng Lungsod ng Brampton ang mga walk-in sa publiko simula Pebrero 21, 2022

BRAMPTON, ON (Pebrero 9, 2022) – Naghahanda ang Lungsod ng Brampton na ligtas na muling magbubukas sa mga pasilidad para pahintulutan ang mga walk-in sa Lunes, Pebrero 21, 2022.

Mga serbisyo at pasilidad ng Lungsod

Mga Serbisyo sa Walk-in sa City Hall

Ang City Hall ay magbubukas mula 8:30 am hanggang 4:30 pm para sa mga residente para mag-access sa mga serbisyo ng Lungsod. Hindi na kakailanganin ang mga appointment. Kahit na available pa rin ang pagpapa-appointment, papayagan na ang mga walk-in. maaaring i-book ang mga appointment [dito](#).

Pag-arkila sa Pasilidad ng Lungsod

Pwede na ngayong magpa-book para sa pag-arkila sa recreation centre. Para mag-book ng espasyo, tawagan ang 905.874.BOOK (2665).

Service Brampton

Magagawa ng mga residente na madaling bisitahin ang mga lokasyon sa Service Brampton nang walang appointment para humiling ng mga serbisyo at kumpletuhin ang maraming iba't ibang transaksyon kabilang ang muling paglikha ng rehistrasyon, mga bayad sa tiket sa pagparada at pagbabayad ng buwis na hindi cash. Ang credit card, debit card at mga tseke ay lahat tatanggapin sa mga lokasyon na ito.

May apat na kumbinyenteng paraan para makontak ang Service Brampton 24 na oras araw-araw, 7 araw bawat linggo:

- Bumisita online sa 311Brampton.ca
- I-download ang 311 Brampton app sa App Store o Google Play
- I-dial ang 311 mula sa loob ng city limits ng Brampton (905.874.2000 sa labas ng city limits)
- Mag-email sa 311@brampton.ca

Para sa mga oras at lokasyon, bisitahin ang www.brampton.ca.

Pagbabalik sa mga Chamber ng Konseho

Simula sa Pebrero 21, ang mga Miyembro ng Konseho ay maaaring bumalik sa personal na pagpasok, na pinakamarami limang Miyembro at ang natitira ay remote na dumalo. Ang bilang na ito ay tataas



paglipas ng panahon para mapayagan ang lahat na 11 Miyembro na bumalik sa personal na mga pagpupulong.

Sa panahong ito, hinihikayat ang publiko na patuloy na lumahok nang remote. Ibabahagi ang mas maraming detalye sa darating na mga buwan kapag babalik na ang personal na pagdalo ng publiko.

Mga Mask

Pinapaalalahanan ang mga residente na pinalawig ng Lungsod ang Brampton COVID-19 Mandatory Face Mask By-law (Tuntunin ng Brampton sa Mandatoryong Pagsusuot ng Face Mask para sa COVID-19) nito hanggang Abril 1, 2022.

Sa ilalim ng COVID-19 Mandatory Face Mask By-law, kinakailangan ang pagsusuot ng mga hindi medikal na mask sa lahat ng indoor na pampublikong espasyo sa Brampton. Ang mga scarf, bandana, neck gaiter, o neck warmer at mga mask na may exhalation valve ay hindi tinatanggap na anyo ng mga pantakip sa mukha. Sa ilalim din ng tuntunin, maaari lamang alisin ang mga mask kung kakain o iinom kung nakaupo ang isang indibidwal sa nakatalagang lugar para sa layuning iyon.

Pinapasalamatan ng Lungsod ang mga residente para sa patuloy na paggawa ng kanilang parte, pisikal na pagdistansiya, pag-uugali ng mabuting kalinisan ng katawan, at pagsusuot ng mga mask para makatulong na mapigilan ang pagkalat.

Mga Link

- [Mga update sa programa at serbisyo sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton](#)
- [Pagpapanatili sa mga negosyo at lugar ng trabaho na ligtas sa panahon ng COVID-19](#)
- [Pina-improve na Sertipiko ng Bakuna sa COVID-19 na may QR Code at Verify Ontario App](#)
- [COVID-19 Pagprotekta sa iyong sarili at sa iba](#)
- [Mga bakuna sa COVID-19](#)

-30-

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng
Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca